


# Mga Pagkakalantad Batay sa Lugar: Polusyon sa Tubig

Ang pagkakalantad sa kemikal batay sa lugar ay labis na naapektuhan ang mga populasyong labis nang nahihirapan batay sa sosyoekonomikong kalagayan o lahi/etnisidad. Ang mga komunidad na kulang na sa malinis na tubig, nasa mga lugar na sadyang kulang sa pagkain, at ang kulang sa espasyo para sa pisikal na aktibidad, ay malapit din sa mga posibleng mapanganib na industriya.

## Buod ng Agham

Maraming pag-aaral ang nagpapakita na ang kontaminasyong industriyal sa inuming tubig ay nauugnay sa pagtaas ng panganib ng kanser sa suso. Ang mga kemikal tulad ng tetrachloroethylene, benzene, at vinyl chloride, na ginagamit pa rin sa iba't ibang industriyal na operasyon, ay maaaring tumagas sa groundwater at malantad ang mga malapit na residente na umiinom o naliligo gamit ang kontaminadong tubig na ito.

Isang halimbawa ng koneksyon na ito ay ang Marine Corps base sa Camp Lejeune, NC. Mula 1953 hanggang 1987, ang inuming tubig sa base ay kontaminado ng mga industriyal na pantunaw, kabilang ang tetra- at trichloroethylene. Ang pagkakalantad na ito ay nagresulta sa pagtaas ng insidente ng ilang uri ng kanser, kabilang ang kanser sa suso ng mga lalaki. Ang kanser sa suso ng mga lalaki ay napaka-bihira, ngunit mahigit 70 kaso ng sakit na ito ay nauugnay sa tubig sa Camp Lejeune.



## Ano ang maaari kong gawin para sa sarili kong katawan at kalusugan?

Maaaring mong matutunan ang mga posibleng pagkalantad sa suplay ng tubig ng iyong munisipyo sa pagsiyasat sa ulat ng kalidad ng tubig mula sa distrito ng tubig, o magsiyasat ng environmental justice factors dito: [ejscreen.epa.gov/mapper](https://ejscreen.epa.gov/mapper). Kung nag-aalala ka tungkol sa kalidad ng iyong tubig, bumili ng panala ng tubig upang maalis ang mga kontaminante.

Iwasan ang paggamit ng mga mapanganib na pestisidyo at mga produktong panlinis sa iyong tahanan na maaaring magdulot ng polusyon sa suplay ng tubig.

Maliban kung inirerekomenda ng iyong munisipyo, iwasan ang de-boteng tubig dahil ang plastik ay maaaring maglabas ng mga mapanganib na kemikal tulad ng phthalates, na nauugnay sa kanser sa suso.

## Ano ang maaari kong gawin upang suportahan ang kalusugan ng aking pamilya at mga kaibigan, at ng aking komunidad?

Ibahagi ang impormasyong ito tungkol sa kalidad ng tubig sa iyong pamilya at mga kaibigan upang sila ay magkaroon ng kakayahang mapabuti ang kalidad ng kanilang tubig.

## Paano ko malalampasan at makakakuha ng suporta sa anumang malawakang hadlang sa aking kalusugan?

Lahat ay may karapatan sa ligtas na inuming tubig, at ang mga tagapagpatupad ng batas ay may responsibilidad na protektahan tayo mula sa mapanganib na kontaminante, kabilang ang mga kemikal na PFAS na natatagpuan sa inuming tubig sa buong bansa.

## Paano ako makatutulong na mailunsad at masuportahan ang malawakang pagbabago upang alisin ang mga hadlang sa kalusugan?

Narito ang ilang aksyong pang sistema na maaaring gawin upang mabawasan ang panganib ng kanser sa suso:



Manawagan sa US EPA, mga lehislatura ng estado, at mga konseho ng estado at rehiyon na palawakin ang listahan ng mga kontaminanteng dapat subaybayan at ayusin upang maisama sa listahan ng mga kemikal na nauugnay sa kanser sa suso.



Suportahan ang mga lokal at rehiyonal na pagsisikap na itaguyod ang konserbasyon at proteksyon ng tubig para sa mga residente, munisipyo, at industriya.



Makipagtulungan sa agrikultura at mga ahensya ng estado/lokal upang magpatupad ng mga agresibong hakbang upang mabawasan ang polusyon sa tubig mula sa pestisidyo, pataba, at mga operasyong panghayop.



Gumawa ng mga oportunidad sa pagsasanay ng mga miyembro ng komunidad upang mangolekta ng mataas na kalidad na datos na sumusubaybay sa kalidad ng hangin, lupa, at tubig, na maaaring magamit sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas sa polusyon.



Ipagbawal ang paggamit ng kontaminadong basurang tubig na galing sa pagbabarena ng petrolyo (halimbawa, pugpog) na gamitin sa pagdidilig ng mga pananim.



Matuto pa at makilahok.

**MAGKASAMA, MAGAGAWA  
NATIN ANG PAGBABAGO!**

**Breast Cancer Prevention Partners (BCPP)** ay ang nangungunang organisasyong nakabatay sa agham na nagtatrabaho upang maiwasan ang kanser sa suso sa pamamagitan ng pagtatanggal sa mga mapanganib na kemikal at iba pang mga kaugnay ng sakit.



Sinuportahan ng pagpopondo ng grant mula sa Gilead Sciences, Inc. Ang Gilead Sciences, Inc. ay walang input sa pag unlad o nilalaman ng mga materyales na ito.